
LEVEL 2

# Leveled Reader

in Filipino

# Ang Kayamanan ni Bo



Isinulat at iginunit nila Phạm Quang Phúc
at Huynh Vu Tuong
Sinuri ni Efren J. Domingo



Nasa labas si Bo at ang kaniyang alagang tuta na si Brownie para mamasyal.

Naghihintay naman sina Teo at Tun sa palaruan.



“Binili ito ni Tatay sa bayan. Ito ang pinakamagandang laruang bangka,” pagmamalaki ni Teo sa bagong laruan.

“Kayamanan nga ang iyong bangka!” pagsang-ayon ni Bo.



“Marami akong mas magandang bagay na mga kayamanan,” sabi ni Bo.

Dahil hindi sigurado sina Teo at Tun sa kanilang narinig, hiniling nilang ipakita ito.



Agad na umuwi si Bo at binuksan ang kahon ng mga laruan.

"Walang espesyal," sabi niya.




Simple lang ang lahat ng kaniyang laruan. Kailangan niyang maghanap ng mga kayamanan sa ibang lugar.



Tumakbo sa labas si Bo.
Nakita niya ang halaman sa paso ng kaniyang Lolo. “Mahalaga ito kay Lolo, marahil isa itong kayamanan.” Agad na dinala ni Bo ang halaman sa kaniyang silid.



Tumakbo sa kusina si Bo.
Binuksan niya ang aparador ng kaniyang Lola.
"Marahil, kayamanan ni Lola ang mga nakatutuwang bagay na ito."
Agad na dinala ni Bo ang lagayan sa kaniyang silid.



Tumakbo sa sala si Bo.
“Paborito ni Tatay ang larong ito, baka kayamanan ito para sa kaniya.” Agad na dinala ni Bo ang laruan sa kaniyang silid.



Pumunta si Bo sa kuwarto ng ate niya. “Mahal na mahal ni ate ang mga libro, siguradong kayamanan ito!” Agad na dinala ni Bo ang mga aklat sa kaniyang silid.



Pinakahuli ang kuwarto ng kaniyang nanay. “Gustong gusto ni Nanay ang mga kolorete na ito, marahil isa itong kayamanan.” Agad na dinala ni Bo ang lalagyan ng kolorete sa kaniyang silid.



Tinawag ni Bo sina Tun at Teo para makita ang mga nakitang kayamanan.



Samantala, nagalit ang lahat ng tao sa bahay. Hinahanap nila ang kanilang mahahalagang gamit.



Ibinalik nila ang lahat ng mga nakuhang kayamanan.

Ngunit hindi pa rin nila makita ang pabango ng kaniyang nanay.



“Kapag hindi ninyo nakita ang pabango, hindi kayo puwedeng lumabas para maglaro,” sabi ng kaniyang nanay.



Nagsimulang magturuan ang isa't isa. "Nasa iyo, 'di ba?"
"Wala, alam ko, nasa sa iyo!"
"Wala sa akin, nasa iyo kaya!"
Inako ni Bo ang kasalanan dahil siya ang nakaisip ng lahat.



Nalungkot din ang kaniyang dalawang kaibigan. Kaya naman, tinulungan nila si Bo na hanapin ang pabango.

Bigla silang nakarinig ng tahol.



Dahil sa matalas na pang-amoy, nakita ni Brownie sa ilalim ng upuan ang nawawalang pabango.



“Salamat sa iyo, Brownie!
Makapaglalaro na rin tayo,”
sabi ni Tun.
“Tunay na kayamanan si
Brownie,” dagdag ni Teo.



Hindi mapigilan ni Tun ang kaniyang sarili. “Mahusay si Brownie, ngunit mas mahusay ang aso ko. Isa siyang malaki at totoong kayamanan!”



DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation